Si Margaritang Diwata



Maagang gumising si Salvacion para magsimba. Habang naglalakad, may narinig siyang umiiyak na sanggol sa may pampang. Pinuntahan niya at nakita niya ang sanggol na pinaliliguan ng isang napakagandang babae. Pinahinto niya ang babae dahil napakaaga pa at giniginaw ang sanggol.

"Itigil mo yan! Maawa ka sa sanggol!" pasigaw na sabi ni Salvacion. Biglang nawala ang babae. At tinanong niya sa sarili, "Isa ba siyang diwata?"

Kinuha niya ang bata at dali-dali nang umuwi.

Lumipas ang maraming taon at napansin ni Salvacion na lumaki ang bata na pinakamaganda sa lugar.

Nagtataka siya sa nakikita sa kusina tuwing umaga. May iba't ibang masarap na pagkain sa mesa. "Saan kaya galing ang mga ito?" tanong niya.

Sinubaybayang mabuti ni Salvacion mula noon ang bawat galaw ng anak-anakang si Margarita.

Hindi nagtagal, dalaga na si Margarita. Naging pala-kaibigan siya at lagalag. Nag-umpisa nang mag-iba si

Margarita sa tingin ni Salvacion.

Umasa si Salvacion na magbabago ang dalaga pero hindi ito nangyari. Hanggang sa nawalan na siya ng pag-asa.

Bumalik siya sa tabing ilog kung saan niya nakuha ang sanggol.

"Kung naririnig mo ako, magpakita ka!" sigaw ni Salvacion. "Hindi ko na alam ang gagawin para maituwid si Margarita."

Biglang nagpakita ang diwata.

"Hayaan mo si Margarita na kumilos tulad ng mga bata sa kaniyang edad," malumanay nitong sagot.

Hindi alam ni Salvacion na alam palang lahat ito ni Margarita.

Pagdating ni Margarita sa bahay ay kinausap niya ang inang nagpalaki sa kaniya. Humingi siya ng tawad sa pag-aalalang idinulot niya.

Inakap nang mahigpit ni Salvacion ang kaniyang anak at patuloy niya iyong inaruga sa pagdaan ng panahon.